HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONGNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-4 NG MARSO 2002 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kgg. | Ludovico C. Silang | - | Tagapamanihala ng pulong |
| Kgg. | Teresita S. Bantugan | - | Konsehal |
| Kgg. | Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. | Cesar P. Lantin | - | -do- |
| Kgg. | Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. | Salvador A. Magalay | - | -do- |
| Kgg. | Benhur S. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. | Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. | Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. | German S. Acosta | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. | Jimuel T. Cabagay | - | Pangulo, Pederasyon ng SK |

**HINDI NAKADALO:**

W A L A

x-------------------------------------------------------------------------------------------x

# KAUTUSAN BLG. 02-03-025

**KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PAG-UULING SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO**

**May-Akda: Kgg. Rosalinda M. Cabagay**
**Tserman: Komite ng Pangangalaga ng Kapaligiran**
**Pangalawang May-Akda: Kgg. Eduardo C. Aceron**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

"**SEKSIYON 1.** Kahulugan ng mga salitang ginamit sa Kautusang ito ay ang sumusunod:

a. CENRO – Community Environment and Natural Resources Office
b. NGO – Non Government Organization
k. ENRO – Environment and Natural Resources Office (Provincial Office)

"**SEKSIYON 2.** Ang magrerekomenda sa CENRO upang mabigyan ng "Permit" ang mga taong gustong mag-uling sa nasasakupan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay ang "Composite Team" na binubuo ng mga sumusunod:

1. Kinatawan ng CENRO;
2. NGO na itinalaga ng Bantay Kalikasan Task Force;
3. Punong Barangay na sakop ng lugar na pagkukunan ng uling;
4. Tserman ng Bantay Kalikasan Task Force; at
5. Kinatawan ng ENRO

"**SEKSIYON 3.** Ang lahat ay pinagbabawalang mag-uling sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ng walang kaukulang "Permit" mula sa CENRO.

"**SEKSIYON 4.** Ang sinumang nabigyan ng "Permit" ng CENRO at lumabag sa mga alituntunin o kondisyunes na nakasaad dito ay lumabag sa Kautusang ito.

"**SEKSIYON 5.** Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php.1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,000.00 |

Ito ay reresibuhan ng Pambayang Ingat-Yaman o ng Kinatawan nito at ilalagay sa pambayang pondo.

"**SEKSIYON 6.** Ang sinumang tatlong (3) beses na lumabag sa Kautusang ito ay kukumpiskahin ang uling at "i-impound" ang pinagkargahang sasakyan at ibibigay sa humuli ang dalawampung porsiyento (20%) ng kabuuang sako ng nakumpiskang uling bilang pabuya, pagkatapos ay e-endorso sa CENRO para sa kaukulang aksyon at pagsasampahan ng kaso sa paglabag sa PD 705 as amended, at iba pang umiiral o kaugnay na batas patakaran sa pangangalaga ng kapaligiran at kalikasan sa pakikipagtulungan ng Hepe ng Pulisya.

"**SEKSIYON 7.** Ang sinumang tao kasama na ang Pulis na makahuli ng nag-uuling na walang "Permit" sa CENRO ang dalawampung porsiyento (20%) ng kabuuang sako ng nakumpiskang uling ay ibibigay sa humuli at ito ay bukod pa sa mga multang nakasaad sa Seksyon 5 ng Kautusang ito.

"**SEKSIYON 8.** Ang limang (5) sakong uling pababa para sa pansariling konsumo ay hindi saklaw ng Kautusang ito.



Scanned with CamScanner

"**SEKSIYON 9.** Ang lahat ng Ordinansa o mga Kautusan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa na.

"**SEKSIYON 10.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas.

**ISINABATAS**" ngayong ika-4 ng Marso, 2002, Bulalacao, Silangang Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------------------------x

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO C. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

/ord/res.
30128/BMS/

Scanned with CamScanner